外国人労働者に対する安全衛生教育教材作成事業（建設業）

“Pagbomba ng kongkreto”

Ang mga importanteng payo para sa kaligtasan at kalusugan

Mga pag-iingat sa trabahong pagbomba o pag-pump at mga problema sa dulo ng tubo

(1) Huwag magtrabaho sa harap ng dulo ng tubo ng pangbomba

Kapag ikaw ay nagtatrabaho sa harap ng dulo ng tubo ng hose, kung naharangan o may mga hindi dapat naihalo sa nahalong kongkreto, maaaring kumalat ang kongkreto at magdulot ng pinsala.
Mag-ingat at huwag hayaang pumunta ang mga tauhan sa harap ng dulo ng tubo ng hose.



Pagbabawal sa pagtrabaho sa harap ng dulo ng tubo ng hose

(2) Huwag magtrabaho sa pamamagitan ng pagpuwersahang pagtupi sa hose

Ingatang hindi matupi nang sapilitan ang hose na magdudulot na pagputok ng hose at pagkakakalat ng kongkreto kung natupi ang hose sa isang hindi naaangkop na anggulo, o pagtrabaho sa harap ng dulo ng hose. Ang mga aksidenteng ito ay maaaring magdulot ng panganib na makapinsala sa mga tao sa paligid ninyo.



Halimbawa ng aksidenteng sapilitang natupi ang hose
at nagkalat ang kongkreto sa pampasaherong kotse

(3) Mga pag-iingat kapag humahawak ng nahalo nang kongkreto

Magsagawa ng mga hakbang sa oras ng emergency tulad ng agarang paghugas ng iyong mga mata o pagmumog sa iyong bibig kung napunta ito sa iyong mga mata o bibig dahil ang nahalo nang kongkreto ay malakas na alkaline at may kasamang mapanganib at nakakasama sa kalusugan na mga kemikal na substansiya.



Mga pag-iingat kapag humahawak ng nahalo nang kongkreto

Mga paunang-lunas na hakbang sa oras ng hindi inaasahang paghawak ng nahalo nang kongkreto

Kapag may aksidente	Mga hakbang sa oras ng emergency
(1) Kung nalunok	Magmumog. Huwag piliting sumuka
(2) Kapag nasa balat o buhok	Banlawan ang balat ng dumadaloy na tubig/ shower. Labhan ang kontaminadong kasuotan kung muling gamitin.
(3) Kung nalagyan ang mga mata	Maingat na banlawan ng maraming tubig ng ilang minuto.

(4) Ingatang hindi mapatid sa mga pampatibay na bakal (reinforcement bar)

- May panganib sa mapaminsalang pagkakapatid sa mga pampatibay na bakal na nasa ibabaw ng mga slab dahil ito ay nasa magulong kalagayan. Magtrabaho nang maingat sa pamamagitan ng pag-iingat sa tinatapakan.



Halimbawa ng aksidenteng napatid sa mga slab rebar

(5) Huwag pumasok nang mga bawal na lugar

Sa mga lugar na may panganib na maaksidente, ang karatulang nagbabawal, tali, o bakod ay inilagay. Ingatang hindi pumasok sa lugar na bawal ang pumasok.

Halimbawa ng mga karatulang off-limits

(6) Mga pag-iingat kapag nagtatrabaho nang malapit sa butas at mga gilid ng pinagtatrabahuhang lugar

Kapag nagtatrabaho sa malapit sa butas o sa gilid ng site, tiyaking gumamit ng mga pangkaligtasang aparato para maiwasan ang pagkakahulog, at tiyakin ring magsagawa ng mga hakbang na pangkaligtasan para maiwasan ang pagkakahulog.

Mga halimbawa ng butas



Halimbawa ng aksidenteng pagkakahulog habang nagtatrabaho sa malapit ng butas/lagusan sa isang site.

(7) Mga pag-iingat kapag nabarahan ang bagong halong kongkreto sa tubo

Sa naturang kaso, kapag ang kongkreto ay nabarahan sa oras ng pagbobomba o pag-pump, agad na ihinto ang pagbomba, kumpirmahin ang nabarahang lokasyon sa daluyang tubo sa pamamagitan ng pagpupok dito, palayuin ang mga nakapaligid na tao sa nabarahang tubo, dahan-dahang luwagan at tanggalin ang joint pagkatapos na pukpukin habang kinukumpirmang ganap na natanggal ang presyon ng hangin mula sa kabuuan ng daluyang tubo. Kung ang presyon ng hangin sa daluyang tubo ay hindi sapat para minsanang maluwagan ang dulo o joint, maaaring magdudulot ng pagsabog ang compressed na hangin, na hahantong sa malubhang aksidente kung saan ang kongkreto at mga daluyan tubo ay sumambulat.



Halimbawa ng aksidente na pagsabog na dulot ng na-compress na hangin habang tinatanggal ang pagkakabara sa tubo

(8) Maingat na pangalagaan ang iyong pisikal na kondisyon

Ang pagbobomba ay trabahong gumagamit na pisikal na lakas. Depende sa katayuan sa site, maaaring hindi posibleng mag-break nang maayos, lalong-lalo na sa tag-init, may panganib na magka-heatstroke. Regular nating alagaan ang kondisyon ng inyong pangangatawan.



Halimbawa ng heatstroke sa panahon ng trabahong pagbobomba